



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-116 REGULAR NA PAGPUPULONG NG 8TH SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 09 NOBYEMBRE 2015, IKA-12:00 NG HAPON SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNTAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Violeta L. Dimapilis
Konschal Eduardo K. Soriano
Konsehal Johnell C. Sinel
Konsehal Gualberto V. Magno
Konsehal David D. Dela Cruz
Konsehal Ramil O. Dimapilis
Konsehal Juan S. Advincula
Konsehal Elsie F. Galaran
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.

- Tagapangulo

Hindi Nakadalo:

Konsehal Joseph M. Galicia

- Pangulo, Liga ng mga Barangay

KAPASYAHAN BLG. 094
Taong 2015

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG
PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA PAMILYA
AT KAAKAPANG NG YUMAONG **G. MAGTANGGOL A.
ALTOVAR**, DATING KAWANI NG PAMAHALAANG
BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKAT, si G. Magtanggol A. Altovar ay nagsilbi sa Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro bilang Utility Worker simula noong Enero 1, 2009 hanggang Nobyembre 4, 2015;

SAPAGKAT, bilang isang kawani ginampanan niya ang kanyang tungkulin ng may pagmamalasakit at dedikasyon upang maging karapat-dapat sa mga gawing inialang sa kanya.

SAPAGKAT, sa panahong itinigil niya sa daigdig na ito sinikap nyang makatulong sa kanyang kapwa, naging responsableng ama sa kanyang mga anak at mapagmahal na kaniyang, kapatid at kaibigan;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ito, gayundin ang mga namumuno at mga kawani ay buong-pusong nakikiramay at nakikidalamhati sa pagyao ng isang kaibigan at kasamahan sa paglilingkod.

DAHIL DITO, sa nagkakaisang mungkahi ng lahat –

IPINASYA, tulad ng pagpapasiyang ito na ipaabot sa mga naulila ni G. MAGTANGGOL A. ALTOVAR ang taus-pusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan at mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ito.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa mga naulila ng yumaong G. Magtanggol A. Altovar lakip ang mataos na pakikiramay sa pagpanaw ng isang kasamahan sa puglilingkod.

Pinagtibay : 09 Nobyembre 2015

PINATUTUNAYANG WASTO:


FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINAGTIBAY:


VIOLETA L. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan

marz/110915